**MGA BALANGKAS NG PAGPAPAKRISTAL NA PAG-AARAL**
**UNA AT IKALAWANG HARI**

**MGA SUSING PANGUNGUSAP**

Tila, ang mga aklat na 1 at 2 Hari ay kasaysayan ng mga hari ng Israel;
sa katunayan, ang 1 at 2 Hari ay isinulat sa inspirasyon ng Espiritu Santo
sa paraang may kaugnayan sa walang hanggang ekonomiya ng Diyos,
na inihayag at inihatid sa pamamagitan ng tipolohiya at isinagawa ng Kanyang hinirang sa lupa.

Ang tunay na buhay-Kristiyano para sa pagtatayo ng ekklesia bilang ang templo ng Diyos ay isang buhay ng naipako at nabuhay na muling Kristo bilang ang Espiritung nagbibigay-buhay na naitatayo sa ating katauhan nang sa gayon tayo ay naiwawangis sa Kanyang kamatayan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na muli upang mapabago araw-araw at natatransporma mula sa kaluwalhatian tungo sa kaluwalhatian para sa Kanyang kaluwalhatian sa ekklesia.

Ang kaluwalhatian ng Diyos—ang Diyos na nahayag sa karilagan—ang pumuspos sa templo ng Diyos, sumasagisag na ang kaluwalhatian ng Diyos, na intrinsikong may kinalaman sa ekonomiya ng Diyos at naisagawa tungo sa mga banal, ay magiging kaluwalhatian sa Diyos sa ekklesia at kay Kristo Hesus sa lahat ng henerasyon, at ang buong lunsod ng Bagong Herusalem ay walang hanggang magdadala ng kaluwalhatian ng Diyos, na siyang Diyos Mismo na nagliliwanag sa pamamagitan ng lunsod.

Ang mga mandaraig sa Bagong Tipan ay dapat maging mga haring nakatanggap
ng kasaganaan ng biyaya at ng kaloob ng katuwiran upang maghari sa buhay;
upang makapaghari sa buhay, kailangan nating mapasailalim ng pamumuno ng Espiritu,
at kailangan nating tamasahin ang presensiya ng Panginoon,
na ibinibilang ang awtoridad, kasaganaan, at pagpapala ng Panginoon.

*© 2022 Living Stream Ministry*

Mensahe Isa

## Ang Intrinsikong Pahayag sa 1 at 2 Hari hinggil sa Ekonomiya ng Diyos na Inihayag at Ipinarating sa pamamagitan ng Tipolohiya

Babasahin sa Kasulatan: Efe. 1:10, 22-23; 3:9; Col. 2:9; 3:11; 1 Tim. 1:4; 1 Hari 2:11-12; 6:1-2

**I. Ang Biblia ay isang aklat ng ekonomiya ng Diyos—Gen. 1:1, 26-28; Apoc. 21:1-2, 9-11:**

A. Ang buong Biblia, kapwa ang Lumang Tipan at ang Bagong Tipan, ay isa munang larawan ng ekonomiya ng Diyos at pagkatapos ay isang ganap na kahulugan at pagsasakatuparan ng ekonomiya ng Diyos—Efe. 1:10; 1 Tim. 1:4.

B. Ang Biblia ay isang talâ ng dibinong pahayag hinggil sa walang hanggang ekonomiya ng Diyos, kung saan si Kristo ay ang sentro at ang realidad—Juan 14:6; Col. 1:15; 3:11:

1. Si Kristo ang pagsasakatawan ng Tres-unong Diyos, at ang ekklesia ay ang Katawan ni Kristo—2:9; Efe. 1:22-23.
2. Si Kristo at ang ekklesia ay ang pangunahing istruktura ng Biblia—Efe. 5:32.

C. Ang ekonomiya ng Diyos, ang susi sa Biblia, ay ang Tres-unong Diyos kalakip ang Kanyang plano at pagsasaayos upang ipamahagi ang Kanyang sarili sa Kanyang Dibinong Trinidad tungo sa Kanyang pinili, tinubos, at naisilang na muling bayan bilang kanilang buhay, kanilang panustos-buhay, at kanilang lahat-lahat upang gawin silang Kanyang sama-samang kahayagan, sa pasimula bilang Katawan ni Kristo at sa kasukdulan bilang Bagong Herusalem—Efe. 3:9:

1. Kung nakita natin na ang ekonomiya ng Diyos ay ang susi ng Biblia, gagamitin natin ang susing ito sa ating pag-aaral ng bawat aklat ng Biblia.
2. Kung nakita natin ang susing ito at gagamitin ito, ang Biblia sa atin ay magiging kung ano ito sa Diyos—ang pahayag ng dibinong ekonomiya—Luc. 24:44-46.

**II. Ang 1 at 2 Hari ay walang kinalaman sa mga pangkasaysayang katunayan kundi sa intrinsikong pahayag sa mga aklat na ito:**

A. Ang intrinsikong pahayag ng kasaysayan ayon sa talâ mula sa Josue hanggang Esther ay upang ihayag sa atin kung paanong ang ekonomiya ng Diyos ay isinakatuparan ng Kanyang hinirang sa lupa—Jos. 1:1-9; 1 Sam. 16:12-13; 1 Hari 2:11-12; 6:1-2.

B. Tila, ang mga aklat na 1 at 2 Hari ay kasaysayan ng mga hari ng Israel; sa katunayan, ang 1 at 2 Hari ay isinulat sa inspirasyon ng Espiritu ng Diyos sa paraang may kaugnayan sa walang hanggang ekonomiya ng Diyos—Efe. 3:9; 1 Tim. 1:4.

C. Sina David at Solomon, bilang mga sagisag, ay mga malakas na katibayan na ang kasaysayan ng mga hari ng Israel ay may kaugnayan sa ekonomiya ng Diyos, na hinggil kay Kristo bilang pagsasakatawan ng Diyos at sa ekklesia bilang Katawan ni Kristo—Efe. 5:32.

D. Yamang si Solomon at ang templong itinayo niya ay may malaking ginagampanan sa kasaysayan ng Israel at umookupa ng malawak na kinasasaklawan sa gayong kasaysayan, ang mga ito ay katibayan na ang kasaysayan ng Israel ay lubhang may kinalaman sa pagsasakatuparan ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos sa Lumang Tipan sa paraan ng tipolohiya—Luc. 24:44:

1. Yaong si Kristo at ang ekklesia ang sentralidad at unibersalidad ng ekonomiya ng Diyos ay pansansinukiob kapwa sa Bagong Tipan at Lumang Tipan—Mat. 16:16-18.

2. Kailangan nating makita na ang mga aklat ng kasaysayan ay isinulat mula sa pananaw ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos hinggil kay Kristo at sa ekklesia—Efe. 5:32.

E. Sa pagbabasa ng 1 at 2 Hari, kailangan nating makita ang ugnayan sa pagitan ng mga Lumang Tipang aklat ng kasaysayan at ng Bagong Tipan; ang ugnayang ito ay ang ekonomiya ng Diyos para kay Kristo at para sa Katawan ni Kristo—Efe. 1:22-23; 3:17; 4:16.

**III. Ang Lumang Tipang kasaysayan ay matalik na may kaugnayan sa ekonomiya ng Diyos sa paraan ng tipolohiya—Efe. 3:9; 1 Cor. 5:7; 10:6:**

A. Ang Lumang Tipan ay isang matalinghagang larawan ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos, at ang Bagong Tipan ay ang praktikal na pagsasakatupran ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos.

B. Inihahayag ng mga sagisag mula sa Genesis hanggang Deuteronomio ang Tres-unong Diyos na naisakatawan kay Kristo bilang sentro at sirkumperensiya ng Kanyang walang hanggang ekonomiya at inihahayag din si Kristo bilang pagpapala at lahat-lahat sa piniling bayan ng Tres-unong Diyos—Deut. 8:7-11.

C. Inihahayag ng labindalawang aklat ng kasaysayan mula Josue hanggang Esther ang pagkilos ng Tres-unong Diyos sa Kanyang piniling bayan upang angkinin, manahin, at tamasahin ang Kanyang ipinangakong nagpapaloob ng lahat na Kristo bilang mabuting lupain—Jos. 1:1-9, 13; Est. 4:13-14.

D. Inihahayag ng mga aklat ng tula—Job, Awit, Kawikaan, Ecclesiastes, at Awit ng mga Awit—na si Kristo ang namumukod-tanging kasakdalan upang habulin ng piniling bayan ng Diyos at ang namumukod-tanging kasiyahan upang tamuhin at tamasahin ng piniling bayan ng Diyos—Job 42:1-5; Awit 2:6-12; 8:1; A. A. 1:2-4; 6:1, 10, 13; 8:1, 14.

E. Sa labimpitong aklat ng propesiya mula Isaias hanggang Malakias, makikita natin na ang Tres-unong Diyos ay naging isang Diyos-tao upang isakatuparan ang Kanyang ganap na pagtutubos para sa pagsasakatuparan ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos, na mapasusukdol sa bagong langit at bagong lupa—Isa. 9:6; Apoc. 21:1.

F. Inihahayag ng mga aklat mula Mateo hanggang Juan na ang Tres-unong Diyos ay naproseso at napasukdol upang maging ang nagpapaloob ng lahat na Espiritung nagbibigay-buhay—Juan 1:14; 7:39.

G. Inihahayag ng aklat ng Mga Gawa ang nagpapalob ng lahat na Espiritung nagbibigay-buhay na nagpapalaganap ng Kanyang sarili bilang realidad ni Kristo, na siyang ang pagsasakatawan ng Diyos, para sa pagbubunga ng mga ekklesia ng Diyos—1:3, 8; 2:22-36; 4:23-31.

H. Inihahayag ng mga aklat ng Roma hanggang Apocalipsis ang nagpapaloob ng lahat na Espiritung nagbibigay-buhay na nagtatayo ng mga ekklesia sa pamamagitan ng pagtatransporma tungo sa organismo ng napasukdol na Tres-unong Diyos bilang Katawan ni Kristo, na mapasusukdol sa Bagong Herusalem bilang walang hanggang pagpapalaki ng napasukdol na Tres-unong Diyos—Roma 1:3-4 ;12:4-5; 16:20; Apoc. 21:2, 9-11.

**IV. Ang intrinsikong pahayag sa 1 at 2 Hari ay inihayag at ipinarating sa pamamagitan ng tipolohiya:**

A. Ang kasaysayan ng Israel ay hindi lamang isang sagisag ng buong ekklesia bagkus gayundin isang sagisag ng ekonomiya ng Diyos—1 Tim. 1:4.

B. Ang Israel ay sumasagisag sa ekklesia bilang hinirang ng Diyos sa Bagong Tipan—1 Cor. 5:7; 10:6:
   1. Ang intensiyon ng Diyos ay ang magkaroon ng isang sama-samang Katawan—Efe. 1:22-23
      a. Para sa sama-samang Katawang ito, na isinasagisag ng bansang Israel, isinagawa ng Diyos ang Kanyang sarili tungo sa sama-samang Israel upang sila ay maging ang bahay ng Diyos, ang pinananahanan ng Diyos sa lupa—Exo. 25:8-9; 40:34.
      b. Ang sama-samang Israel na ito ay isang sagisag ng ekklesia bilang Katawan ni Kristo.
   2. Ang buong kasaysayan ng Israel ay isang sagisag ng ekklesia; inaaplay ni Pablo ang kasaysayan ng mga anak ni Israel sa Bagong Tipang buhay-ekklesia—1 Cor. 5:7; 10:6.
   3. Ang Lumang Tipan ay may isang bayan—ang Israel—at ang Bagong Tipan ay may isang bayan—ang ekklesia; ang dalawang bayang ito ay isang paglalarawan ng isang bagay na ginawa ng Diyos—ang pagsasakatuparan ng ekonomiya ng Diyos—Efe. 1:10; 3:9.

C. Si David ay sumasagisag sa nagdurusang Kristo, at si Solomon ay sumasagisag kay Kristong naluwalhati sa kaharian ng Diyos at sa karilagan nito—1 Hari 2:11-12.

D. Ang templo ay sumasagisag kay Kristo at sa ekklesia bilang namumukod-tanging pagtatayo ng Diyos sa sansinukob—Mat. 12:6; 16:18.

E. Ang propetang si Eliseo ay kumakatawan sa Bagong Tipang ekonomiya sa tipolohiya; siya ay isang sagisag sa Lumang Tipan na sumasagisag sa mga totoong bagay sa Bagong Tipan—2 Hari 4:9.

F. Si Jezebel, isang kamuhi-muhing tao, ang paganong asawa ni Ahab, ay isang sagisag ng kung ano si Jezebel sa Bagong Tipang realidad—isang sagisag ng apostata (apostate) na ekklesia—1 Hari 16:31; 19:1-2; 21:23; Apoc. 2:20-23.

G. Sa tipolohiya, ang mga palasyo ng hari at ang templo ng Diyos ay magkahiwalay, samantalang sa Bagong Tipang realidad ang dalawang ito ay iisang pagtatayo—1 Hari 9:15; Efe. 2:21-22:
   1. Sa isang panig, tayo, ang mga Bagong Tipang mananampalataya, ay mga saserdote upang maglingkod at sumamba sa Diyos—1 Ped. 2:9.
   2. Sa kabilang panig, tayo ay mga hari ng Diyos upang maghari para sa Diyos—Apoc. 1:6, 9; 5:10.

H. Ang mga hari ay mga sagisag ng mga Bagong Tipang mananampalataya, sapagkat lahat ng Bagong Tipang mananampalataya ay niligtas ng Diyos upang maging mga hari—Apoc. 1:6, 9. 5:10:
   1. Ang mga manampalataya sa Bagong Tipan ay dapat maging katuparan ng tipolohiya ng mga hari sa ekonomiya ng Diyos—Roma 5:17, 21.
   2. Sa Bagong Tipan, lahat ng mananampalataya ay niligtas upang maging mga hari at mga saserdote—1 Ped. 2:9; Apoc. 1:6; 5:10; 2 Tim. 2:12:
      a. Ang Diyos ay namumuno, subalit hindi Siya direktang namumuno; Siya ay namumuno sa pamamagitan natin, na mga mananampalataya, bilang mga hari—Apoc. 20:4, 6; 3:21.
      b. Tayo ay mga naisilang na muli na may isang dibino, espiritwal, makalangit, makahari, at maharlikang buhay; ito ang nagluluklok sa atin upang maghari

bilang mga hari sa lahat ng bagay—Juan 1:12-13; 3:3, 5; Apoc. 5:10; Roma 5:17, 21.

**V. Ang mga aklat ng kasaysayan ay inilagay sa Banal na Kasulatan sapagkat, sa tipolohiya, ang mga ito ay nagbibigay ng isang malinaw na pananaw ng ekonomiya ng Diyos; ang esensiya ng tipolohiya ng Lumang Tipan ay ang ekonomiya ng Diyos taglay si Kristo at ang Kanyang Katawan bilang sentro at realidad—Efe. 1:9; 3:9; 5:32.**

*© 2022 Living Stream Ministry*